



## Mga Madalas Itanong (FAQ) Mission Cabins | 1979 Mission Street

### Ano ang panukalang proyekto sa 1979 Mission Street, sino ang mapaglilingkuran nito?

Nagpapanukala ang HSH na magbukas ng isang 59-cabin 67-bed community sa 1979 Mission Street hanggang hindi pa naitatayo ang pangmatagalang development ng pabahay. Magbibigay ang cabin site ng non-congregate na pansamantalang shelter sa mga indibidwal na dumadanas ng kawalan ng tirahan sa komunidad. Layunin ng cabin community na magbigay sa mga taong walang tahanan ng isang ligtas at may dignidad na lugar at makaalis sa kalye habang nabibigyan ng mga serbisyo at trabaho tungo sa pangmatagalang pabahay. Magkakaroon ang Mission Cabins ng 24-oras na mga empleyado at panlipunang serbisyo sa lugar na ibibigay ng piling nonprofit na partner.

### Ano ang non-congregate na cabin site?

Ang non-congregate na cabin site ay isang natatanging anyo ng kanlungan o shelter na nagpapahintulot na mapakinabangan ang isang hindi masyadong nagagamit ng espasyo para maging pansamantalang kanlungan. Sa mga lugar na ito, nabibigyan ng sariling espasyo at access sa mga suportang serbisyo ang mga naninirahan.

### Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?

Pipili ang HSH ng nonprofit na partner para patakbuin ang programa at magbigay ng mga panlipunang serbisyo sa lugar. Pipiliin ang non-profit na tagabigay ng serbisyo sa isang kompetetibong proseso.

### Ano ang naging proseso sa pagpili sa lokasyong ito?

Ipinapanukala itong lugar para sa proyektong ito dahil isa itong di-masyadong napapakinabangang ari-arian ng lungsod at dahil sa pangangailangan ng mga kapitbahayan para sa mas maraming pansamantalang kanlungan para mapagsilbihan ang mga taong dumadanas ng walang kanlungang kawalan ng tahanan sa lugar.

### Para saan ginagamit ang kasalukuyang lugar o site? Kung may mga kasalukuyang naninirahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?

Panukalang itayo ang cabin community sa parking lot sa likod ng dating Walgreens. Kasalukuyang hindi ginagamit ang ari-arian at gagawing abot-kayang pabahay sa hinaharap.

### Inuupahan ba ng Lungsod ang site na ito? Kung oo, gaano katagal? Kung hindi Lungsod ang umuupa, sino?

Pag-aari na ng lungsod ang lokasyon sa pamamagitan ng MOHCD at nakatakdang gawing abot-kayang development sa pabahay sa 2025. Panukala ng HSH na patakbuin itong programa na isang interim o panandaliang gamit ng ari-arian hanggang masimulang gawin ang abot-kayang development sa pabahay.

**Ano ang timeline para sa proyektong ito?**

<b>Aksiyon (paglulunsad, intake/mga referral, pagkuha o procurement, atbp.)</b>	<b>Petsa</b>
Pakikipag-ugnayan sa Komunidad	Oktubre 2022 – Tag-init 2023
Pagpaplano ng Konstruksiyon	Taglagas 2022
Pagbibigay ng Permisyo	Taglamig 2022/23
Konstruksiyon	Tagsibol 2023
Pagpili ng Tagabigay ng Serbisyo (Provider)	Tagsibol 2023
Pagsisimula ng Operasyon	Taglagas 2023

